# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

## Yunit 2
## Modyul Blg. 7

## Panginoon, Ito ang Alay Ko

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Narinig mo na ba ang awiting *If Tomorrow Never Comes* ni Ronan Keating? Nagtatanong ang awit: Kung hindi na dumating ang bukas, naipadama mo kaya sa mga taong malalapit sa iyo kung gaano mo sila kamahal?

Paano kung ngayon ang huling araw ng mundo at bukas ay maglalaho na ang lahat sa mundo, ano ang gagawin mo? Sa palagay mo, ano ang gagawin ng marami?

Natitiyak ko, sasamantalahin mo ang pagkakataon upang ipadama sa mga taong mahal mo kung gaano sila kahalaga sa iyo. Tama ba ako, kaibigan?

Marahil, marami ka ng nabasa, napanood o nasaksihan na mga taong natutuhan lamang ang pagpapahalaga sa kapwa at sa Diyos nang sila'y magkasakit at bigyan ng taning ang kanilang buhay.

Bakit kailangan pang hintayin ang sandaling ito? Kailangan pa bang bigyan tayo ng ultimatum bago gumawa ng mabuti sa kapwa at sa Diyos?

Pagkatapos mong pag-aaralan ang modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

Nasusuri na sa pamamagitan ng paggawa nagiging kaisa ang tao sa pagsasakatuparan ng plano ng Diyos sa sangkatauhan (L.C 2.3)

A. Nasusuri ang angking talino na maaaring gamitin sa paggawa ng mabuti
B. Napatutunayan na sa paggawa, nagiging kaisa ang tao sa pagsasakatuparan ng plano ng Diyos para sa sangkatauhan
C. Nakagagawa ng mga tiyak na hakbangin kung paano maiaalay ang talino, lakas at panahon para sa kapwa at sa Diyos

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Sa ibaba ay mga paraan kung paano makapaglilingkod sa kapwa at sa Diyos. Alin sa mga ito ang ginagawa mo? Lagyan ng tsek (/) ang angkop na kolum sa bawat bilang.

| Mga Paraan | Araw-araw | Paminsan-minsan | Hindi kahit kailan |
|---|---|---|---|
| 1. Nililinang ko ang aking kakayahan at lakas sa pamamagitan ng pag-aaral nang mabuti. | | | |
| 2. Nagbabasa ako ng mga aklat na makapagpapaunlad sa aking moral at ispiritwal na dimensyon. | | | |
| 3. Nag-uukol ako ng panahon sa aking kamag-aral kapag may suliranin siya | | | |
| 4. Naglalaan ako ng panahon sa panalangin. | | | |
| 5. Nagbibigay ako ng limos sa mga pulubi. | | | |

| Mga Paraan | Araw-araw | Paminsan-minsan | Hindi kahit kailan |
|---|---|---|---|
| 7. Nagboboluntaryo akong tumulong sa pamayanan. | | | |
| 8. Naglalaan ako ng panahon sa pakikinig sa isang kaibigan. | | | |
| 9. Isinasabuhay ko ang mga aral ng aking relihiyon. | | | |
| 10. Nagmamalasakit ako sa kamag-aral sa pamamagitan ng pagbabantay sa kanyang gamit kapag siya'y umaalis. | | | |

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Pagmasdan mo ang larawan sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa patlang na nakalaan para dito.

Talino at Kakayahang Taglay Ko

1.________________________________________

2.________________________________________

3.________________________________________





4.________________________________________

5.________________________________________

6.________________________________________

Paano mo magagamit ang mga talino at kakayahang ito sa pagpapabuti ng kalagayan ng iyong kapwa at ng lipunang iyong kinabibilangan?

| Kapwa | Lipunan |
| --- | --- |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |

## Sagutin Mo

1. Bakit mahalaga na gamitin ang mga kaloob sa iyo ng Diyos sa paglilingkod sa kapwa?
2. Ano ang mararamdaman mo kung magagawa mo ang mga ito?

## Gawain Blg. 2

Basahin mong mabuti ang kuwento at suriin ang mensaheng hatid nito.

Dalawang Anyong Tubig sa Palestina

May dalawang kilalang anyong tubig sa Palestina. Ang una ay tinatawag na *Sea of Galilee*. Ito ay isang malaking anyong tubig na may malinis na tubig na maaaring inumin. Sagana ito sa isda. Maaaring languyan ng tao. Napaliligiran ito ng mga luntiang bukirin at halamanan. Maraming tao ang nagtayo ng kani-kanilang tahanan sa paligid nito. Marami ring beses na tumawid dito si Jesukristo.

Isa pang anyong tubig ay ang *Dead Sea*. Tugma-tugma ang pangalang ito sapagkat wala ritong nabubuhay na isda o halamang dagat dahilan sa labis na konsentrasyon ng asin nito. Walang nais magtayo ng bahay sa baybayin nito dahil sa masangsang na amoy.

Ang kakatwang bagay sa dalawang anyong tubig na ito ay pareho silang dinadaluyan ng iisang ilog…ang Ilog Jordan.

Bakit nagkaganoon? Narito ang paliwanag: ang isa ay tumatanggap at ibinabahagi ang natanggap samantalang ang isa ay tumatanggap ngunit hindi ipinamamahagi ang tinatanggap.

Ang Ilog Jordan ay dumadaloy sa ibabaw ng *Sea of Galilee* at lumalabas sa ilalim nito. Ginagamit ng huli ang tubig ng ilog at pinadadaloy pa sa iba upang magamit ang tubig nito. Pagkatapos, ang ilog Jordan ay dadaloy sa *Dead Sea* kung saan wala ng maaari pang labasan ang tubig. Naiimbak ang tubig dito na nagiging dahilan ng mataas na konsentrasyon ng asin nito.

Hinalaw mula sa *Two Seas in Palestine* ni John Marsabella

## Sagutin Mo

1. Ano ang mahalagang aral ang ipinahihiwatig ng kuwento?
2. Paano mo ihahambing ang katangian ng *Sea of Galilee* at *Dead Sea* sa tao? Gamiting batayan sa paghahambing ang paggamit ng talinong kaloob at pagbabahagi nito sa kapwa?

Ang katulad ng *Sea of Galilee* ay mga taong

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

Ang katulad ng *Dead Sea* ay mga taong______________________

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

## Gawain Blg. 3

Ano ang gagawin mo sa sitwasyong ito?

Hindi mo kinakausap ang iyong matalik na kaibigan dahil sa pagkakalat niya ng isang lihim na matagal mo nang itinatago. Walang nakaaalam sa paaralan na ikaw ay ampon lamang.

Minsan, sa isang kuwentuhan ay nadulas siya at nasabi sa mga kausap ang iyong lihim. Nalaman mo lamang ang insidenteng ito nang tanungin ka ng isa sa mga kausap niya ng sumusnod na araw. Hindi mo matanggap ang ginawa niyang ito. Paglapastangan ito sa iyong tiwala. Agad mo siyang pinuntahan at sinita sa kanyang ginawa. Mula noon, lumayo ka na sa kanya at itinuring siyang wari'y hindi kakilala.

Isang araw, nabigla ang inyong klase sa balitang siya'y naaksidente at malubha ang kalagayan. Bumangga ang pampasaherong jeep na kanilang sinsaskyan sa isang *container van* habang tumatakbo sa *highway.* Marami sa mga pasahero ang malubha at sugatan, kabilang ang iyong dating matalik na kaibigan. Nangangailangan siya ng malaking halaga para sa operasyon. Ikaw ang pangulo ng klase. Nakasalalay sa iyong magiging pagkilos ang makukulektang tulong para sa kanya.

## Sagutin Mo

1. Ano ang iyong gagawin?
2. Paano mo gagawing handog sa kapwa at sa Diyos ang pagkakataong ito? Isulat mo ang iyong sagot sa loob ng krus.

1.______________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________

2.______________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________
_________________

# IV. Ano ang Iyong Natuklasan?

O ano, nasiyahan ka ba sa mga gawain?
May mga bagay at konsepto bang higit na naging malinaw sa iyo?
Tingnan ko nga kung talagang may natutuhan ka.
Tapusin ang mga inumpisahang pangungusap sa ibaba.

1. Magagamit ko ang mga kaloob ng Diyos sa akin sa pamamagitan ng ______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________.

2. Maaari kong kalimutan ang ______________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________.

3. Nagiging kabahagi ako sa plano ng Diyos sa sangkatauhan tuwing________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________.

# V. Pagpapatibay

| Pananagutan |
| --- |
| Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang.<br>Walang sinuman ang namamatay para sa sarili lamang.<br>Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa.<br>Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na kapiling Niya. |

Tulad ng sinasabi sa awitin, tayo'y may pananagutan sa ating kapwa at sa Dakilang Lumikha. Makakamit lamang ang kaganapan ng ating misyon kung tayo ay kikilos at gagawa. Gaano man kabanal ang ating layunin, kung mananatili lamang ito sa ating isipan at hindi isasagawa, bale wala rin.

Kailangan isaisip tuwina na ang ating ginagawa sa araw-araw ay maaaring maging handog hindi lamang sa ating kapwa kundi maging sa Diyos na lumikha.

Ayon kay Rick Warren, may akda ng *The Purpose Driven Life*, nilikha tayo para sa isang misyon. Ang misyong ito ay natatangi at dapat ibahagi. Natatangi dahil sa iyo Niya ito iniatas. Dagdag pa niya:

> *Ang ating misyon ay may kahalagahan tungo sa pagkakamit ng buhay na walang hanggan. Binibigyang-kahulugan ng misyong ito ang buhay natin sa daigdig.Pinagkalooban tayo ng Diyos ng mahalagang mensaheng nararapt nating ibahagi sa ating kapwa. Nang tayo ay naging mananampalataya, naging tagapagdala na rin tayo ng mensahe ng Diyos..*

Higit na nagiging makabuluhan ang ating buhay kung alam natin ang diwa ng pag-ibig at paglilingkod sa kapwa paglilingkod na nagiging magandang handog para sa Diyos.

Ito ang susi sa pagkakamit ng tunay na kaligayahan. Hindi ba't may mga taong sa kabila ng katanyagan, kapangyarihan at kayamanan ay malungkot pa rin. Bakit? Dahil nakasentro lamang sa sarili ang araw-araw nilang pamumuhay. Hindi sila marunong magbahagi sa kapwa. Bakit may mga tao namang hindi nga mayaman, walang kapangyarihan o katanyagan mang taglay, subalit maligaya at makabuluhan ang buhay? Sila ang mga taong natutuhang linangin ang sariling talino at lakas hindi lamang sa personal na kabutihan kundi para sa kabutihan din ng kanilang kapwa.

Isinulat ni San Pablo sa mga taga Roma na dapat nating ialay ang ating sarili bilang handog na buhay, banal at kalugod-lugod sa Diyos. Gawin natin ito habang may panahon pa. Huwag na nating hintayin ang bukas. " What if tomorrow never comes?"

Magplano ka kung paano mo iaalay ang iyong lakas, talino at panahon sa paglilingkod sa iyong kapwa. Isulat ang iyong gagawin sa talahanayan sa ibaba.

| Gawain sa Linggong Ito | Sa Kapwa | Sa Diyos |
|---|---|---|
| Lunes | | |
| Martes | | |
| Miyerkoles | | |
| Huwebes | | |
| Biyernes | | |
| Sabado | | |
| Linggo | | |

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Ang tao ay nilikha ng Diyos na may misyong nararapat gawin. Sinasabi sa Banal na Aklat na ang tao'y kamanggagawa ng Diyos upang maisagawa ang kanyang plano para sa sangkatauhan. Pinagkalooban Niya tayo ng talino at lakas upang makagawa hindi lamang para sa pansariling pag-unlad kundi maging sa pagkakamit ng kabutihang panlahat.

Paano natin maisasagawa ang misyong ito? Simple lamang kaibigan, sa pamamagitan ng paggamit ng mga kaloob ng Diyos sa atin, talino at malayang loob (will) na maisasabuhay lamang sa paggawa.

Upang higit mong maunawaan, pag-isipan mo ang halimbawang ito. Ang pagmamamahal ay isa sa mga dakilang pagpapahalagang maaring taglayin ng isang tao. Dahil ang pagmamamahal ay ispiritwal, mahirap itong ipakita kung hindi lalapatan ng gawa.

Hindi ba't si San Pablo na rin ang may sabi na ang pananampalatayang walang kalakip na gawa ay patay? Hinamon niya ang mga tao noong kanyang kapanahunan na ipakita ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng gawa. Bakit ko ito sinasabi? Binanggit ko sa iyo ito kaibigan upang patunayan ang kahalagahan ng paggawa. Mahalaga ito hindi lamang upang matugunan ang ating mga pangangailangang materyal kundi upang maisakatuparan natin ang ating misyon dito sa lupa: misyong maghahatid sa atin sa pagiging kamanggagawa ng Diyos sa Kanyang mga plano sa sangkatauhan.

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Ipaliwanag mo ang mga sumusunod:

1. Bakit mahalagang paglingkuran mo ang iyong kapwa?
2. Paano nagiging kaisa ng Diyos ang tao sa Kanyang plano sa sangkatauhan sa pamamagitan ng paggawa?
3. Anu-ano ang palatandaan ng tunay na paglilingkod sa kapwa at sa Diyos? Lagyan mo ng tsek (/) ang kolum na akma sa iyong sagot.

B.

| Nagiging handog sa kapwa at sa Diyos ang anumang gawain kung ito ay: | Tama | Mali |
|---|---|---|
| 1. Naghahangad ng papuri sa iba. | | |
| 2. Ginagawa ng walang kapalit. | | |
| 3. Bunga ng boluntaryong paggawa. | | |
| 4. Bunsod ng pagmamalasakit. | | |
| 5. Kapakanan ng iba bago ang sarili. | | |

| | | |
|---|---|---|
| 6. Tinitingnan ang kapakinabangang personal.<br><br>7. Handang magsakripisyo.<br><br>8. Nagmamapuri at nagmamalinis<br><br>9. Ipinamamalita sa iba ang kabutihang nagawa.<br><br>10. Hindi naghihintay ng kapalit. | | |

C. Sa ibaba ay mga paraan kung paano makapaglilingkod sa kapwa at sa Diyos.

Alin sa mga ito ang ginagawa mo? Lagyan ng tsek (/) ang angkop na kolum sa bawat bilang.

| Mga Paraan | Araw-araw | Paminsan-minsan | Hindi kahit minsan |
|---|---|---|---|
| 1. Nililinang ko ang aking kakayahan at lakas sa pamamagitan ng pag- aaral na mabuti. | | | |
| 2. Nagbabasa ako ng mga aklat na makapagpapaunlad sa aking moral at ispiritwal na dimensyon. | | | |
| 3. Nag-uukol ako ng panahon sa aking kamag-aral kapag may suliranin siya | | | |
| 4. Naglalaan ako ng panahon sa panalangin. | | | |

| Mga Paraan | Araw-araw | Paminsan-minsan | Hindi kahit minsan |
|---|---|---|---|
| 6. Tumutulong akong lutasin ang suliranin ng mga kapangkat ko. | | | |
| 7. Nagboboluntaryo akong tumulong sa pamayanan. | | | |
| 8. Naglalaan ako ng panahon sa pakikinig sa isang kaibigan. | | | |
| 9. Isinasabuhay ko ang mga aral ng aking relihiyon. | | | |
| 10. Nagmamalasakit ako sa kamag-aral sa pamamagitan ng pagbabantay sa kanyang gamit kapag siya'y umaalis. | | | |

## Mga Sanggunian

Mihalik, Frank, SVD *1000 Stories You Can Use, Vol I.* Manila: Divine Word Publications. 1989

Warren, Rick *The Purpose Driven Life .* Mandaluyong City: OMF Literature Inc. 2002

## Susi sa Pagwawasto

### Handa ka na ba?

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Tama
6. Mali
7. Tama
8. Mali
9. Mali
10. Tama

### Gaano ka Natuto?

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Tama
6. Mali
7. Tama
8. Mali
9. Mali
10. Tama